

Kasunod ng ating kauna-unahang positibong resulta ng pagsusuri sa Covid-19 mula sa isang sibilyan, nauunawaan namin na ang ating komunidad ay mayroong mga partikular na mga pag-aalala kaugnay sa sitwasyon. Sinubukan namin na alamin ang mga alalahanin na ito at sinagot naming ito ng isa-isa sa ibaba. Pakitandaan na ang mga katanungan at kasagutan ay tama at eksakto mula sa petsang ika-10 ng Nobyembre at maaaring sumailalim sa mga pagbabago kung sakaling magbago ang ating kasalukuyang kalagayan.

**1. Ito bang kaso mula sa isang sibilyan ay nasa MPC o sa Stanley?**

S. Ito ay nasa Stanley, wala sa MPC.

**2. Sasailalim ba tayo ngayon sa isang *lockdown*?**

S. Hindi, hindi tayo sasailalim dito. Ang mga planong pang sakuna ay binuo sa iba't ibang mga yugto at tayo ay wala sa antas na kung saan tayo ay magkukunsirera na hilingin sa lahat na mag self-isolate. Kung may mga pagbabago man ay mabilis na ipapaalam kaagad sa publiko sa lahat ng kinaugaliang mga *channels* o pamamaraan.

**3. Ang lahat ba ng mga pasahero sa naapektuhang eroplano ay nakuhanan ng swab?**

S. Oo, lahat ng mga pasahero – maliban na lamang sa isang bata – ay nakilahok sa unang saklaw ng swabbing. Ang lahat sa kanila ay naabisuhan tungkol sa positibing resulta at sila ay nagpapatuloy na nakikisama sa mga susunod sa isasagawang *surveillance swabbing*. Ang lahat ng mga paseherong ito ay kasalukyang rin nasa quarantine.

**4. Kung ikaw ay lalabas sa positibo sa pagsusuri, ilang negatibong resulta ang iyong kakailanganin pagkatapos mong maging positibo, bago ka makalabas sa quarantine?**

S. Una, hindi ka maaring lumabas sa quarantine bago matapos ang labing-apat (14) na araw, hindi alintana ang kahit anong resulta. Kung ikaw ay lumabas na positibo sa virus, sa gayon ikaw ay mangangailangan ng dalawang negatibong resulta bago ka makalabas ng quarantine.

**5. Gaano kadalas susuriin ang tao na nag positibo?**

S. Masusing makikipagugnayan ang KEMH sa taong iyon upang masiguro na, kung sila ay maging malubha ang kalagayan, sila ay makakatanggap ng agarang tulong medical. Ang ospital ay makikipagugnayan sa taong ito araw araw at dagdag pa dito ay bibisitahin rin sa kanyang tahanan upang makapagsagawa ng karagdagang swabbing, gamit ang mga mahahalagang PPE at pinahusay na gawain sa kalinisan o *hygienic practices*.

## **6. Ano ang nangyari nang matukoy ang positibong resulta ng pagsusuri sa Covid-19?**

S. Pagkatanggap na pagkatanggap ng positibong resulta, agad na sisimulan ng KEMH ang mga protokol sa *track and trace* para makipagugnayan sa lahat ng mga pasahero na kasama sa nasabing *flight* pati na rin ang ibang mga taong nakipagugnayan na malapitan sa mga pasaherong ito, kasama ang mga nagtatrabaho sa Customs and Immigration, at mga nasa transportasyon. Dahil sa mga bagong kalagayan na may kinalaman sa Airbridge, kinailangan ding isagawa ang mga protokol sa *track and trace* sa mga pasaherong nakasalamuha ng taong lumabas na positibo sa pagsusuri ngunit hindi dumating sa kaparehong *flight*. Nag-aalok ang KEMH sa lahat na makuhanan ng swab sa lahat ng pagkakataon bilang pag-iingat, kahit na sa mga wala sa quarantine. Nais rin naming kumpirmahin na sa kasalukuyan ay walang pasyente ng Covid-19 sa loob ng ospital.

## **7. Magkakaroon ba ng bawas sa access sa KEMH tulad ng dati?**

S. Mayroon pa ring pisikal na mga paghihigpit sa KEMH. Sa kasalukuyan ay hindi pa rin pinapayagan ang mga sasakyan na gumarahe sa KEMH access road maliban na lamang sa mga pasyente na dadalo sa kanilang mga pagsusuri, ang *hot ambulance*, at *special deliveries*. Ang pampublikong daanan sa kumukonekta sa St. Mary's Walk at Thatcher Drive ay hinihigpitan pa rin ang pag-access, maliban na lamang sa mga kawani o staff at mga *key workers*. Hinihiling rin naming sa mga tao na gumamit ng hand sanitiser kapag nasa loob ng lugar at sumunod sa mga hakabang sa *one-way system* at *social distancing*. Sa mga tuntunin sa pag-access sa mga serbisyo, patuloy naming pinag-aaralan ang ating kapasidad sa lahat ng ating *primary* at *secondary care*, at ito na ang nakasanayan simula nang nagsimula ang pandemya, kung patuloy na maaapektuhan nito ang ating abilidad na magpadala ng mga pasyente sa ibang bansa upang magamot o magdala ng mga espesyalista sa loob bansa. Sa kasalukuyan, ang mga taong nangangailangan ng *medical appointment* ay dapat na makipagugnayan sa KEMH sa paraang nakasanayan.

## **8. Maapektuhan ba ng positibong kasong ito ang mga nakalatag na kaganapan o events, tulad ng mga kaganapan sa ika-14 Nobyembre?**

S. Walang nakikitang rason kung paano nito maapektuhan ang mga pagdiriwang tungkol sa *demining* o kahit anong gawain pampubliko, dahil ang taong nagkaroon ng positibong resulta ay hindi nakipagugnayan sa kahit anong miyembro ng komunidad. Kailangan lang nating ikonsidera sa bawasan ang pakikipag-ugnayan sa ibang tao, kung makita natin na tumataas ang kaso ng Covid-19 sa loob ng isla. Ang mga malakihang pagtitipon ay maaaring magpatuloy tulad ng nakasanayan, gayunpaman, hinihimok namin ang lahat na patuloy na sumunod sa mga hakbang para sa mabuting kalinisan sa pampublikong kalusugan, tulad ng unang inabiso.

**9. Ano ang ibig sabihin nito sa mga estudyanteng pabalik mula sa UK sa susunod na buwan?**

S. Sumulat na ang gobyerno sa mga magulang upang paalalahanan sila sa mga kinakailangang hakbang sa quarantine. Ang positibong resulta na ito ay nagpapatunay lamang kung gaano kahalaga na masigurong tayo ay masugid na sumusunod sa lahat ng patakaran at mga regulasyon. Magpapatuloy tayo na makapagbigay ng impormasyon para sa mga estudyante bago sila umali mula sa UK at ang PWD at ang Direktorado ng Edukasyon ay nagtutulungan upang makapagbigay ng suporta sa quarantine para sa mga estudyante, tulad ng paglalagay sa kanila sa ilang maliliit na grupo para makapag-quarantine ng sama-sama. Isang Anunsyo para sa Pampublikong Serbiyo ang ilalabas para sa buong komunidad bilang isang pagpapa-alala na LAHAT ng mga bisita na paparating sa isla para sa bakasyon ngayong Pasko ay sasailalim pa rin sa quarantine. Dahil sa mga pagbabago sa mga regulasyon para sa quarantine, mula ika-16 ng Nobyembre, ang sinumang mangongolekta ng mga bisita mula sa airport, sila ay mangangailangan na sumailalim sa quarantine pagakatapos ng kanilang pagsundo.